U.S. CURRENCY
EDUCATION PROGRAM

# Toolkit ng Teller



## ISANG GABAY SA PAGTUKOY SA TUNAY NA PERA

# Ano ang Toolkit ng Teller?

## Sino Kami

Pinamamahalaan ng Federal Reserve Board ang U.S. Currency Education Program, na tinitiyak ang integridad at tiwala sa dolyar ng U.S. sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan ng pagsasanay sa publiko. Nakikipagtulungan kami sa aming mga kasosyong interagency upang mapanatili ang tiwala ng pandaigdigang mga gumagamit ng cash sa dolyar ng U.S.

## Tungkol Saan Ito

Ang gabay na ito, na inilathala noong 2021, ay isang sanggunian sa pagsasanay para sa mga teller (at iba pang mga propesyonal) na kailangang matuto kung paano patutunayan ang mga perang papel ng Federal Reserve. Ang sumusunod na impormasyon ay maaaring gamitin upang matukoy kung tunay o hindi huwad ang pera. Kung pinaghihinalaan ng mga teller na nakakita sila ng huwad na pera, dapat nilang sundin ang mga pamamaraan ng kanilang kumpanya sa pag-uulat ng mga huwad na pera o idirekta ang kanilang manedyer sa mga tagubilin sa pag-uulat ng mga huwad na pera sa **uscurrency.gov/report-counterfeit.**

## Mga Dagliang Gabay

Gupitin ang ating mga sangguniang kard sa dulo ng toolkit na ito upang ilagay sa tabi ng mga workspace ng mga teller o itago para sa sanggunian sa hinaharap.

→ **Gupitin ang Dagliang Sangguniang Kard para sa mabilisang gabay sa pagpapatunay sa pera ng U.S.**

## Ang Ginagawa Namin



Turuan ang mga teller at mga institusyong pampinansyal tungkol sa seguridad at mga tampok sa disenyo ng mga perang papel ng Federal Reserve.



Magbigay ng mga libreng mapagkukunan para sa pagsasanay at pagtuturo sa mga teller kung paano matukoy at mapatunayan ang tunay na pera ng U.S.



# Tunay ba ang perang iyan?

**ANG LAHAT NG PERA NG U.S. AY MANANATILING TATANGGAPIN NA PAMBAYAD O LEGAL NA TENDER KAHIT KAILAN ITO IPINALABAS.**

## Mga Detalye para sa mga Teller Tungkol sa Espesipikong mga Denominasyon

Binabago ng gobyerno ng U.S. ang disenyo ng pera upang mapahusay ang seguridad ng mga perang papel, ngunit hindi kinakailangang ipagpalit ang inyong mga perang may lumang disenyo para sa mga bago. Ang lahat ng pera ng U.S. ay mananatiling tatanggapin na pambayad o legal na tender kahit kailan ito ipinalabas. Gaano man kaunlad ang teknolohiya ng mga tampok sa seguridad ng isang perang papel, ang iyong tulong ay patuloy na nagsisilbing pinakamahusay na depensa laban sa pamemeke.



Ang $100 na Perang Papel →



Ang $50 na Perang Papel →



Ang $20 na Perang Papel →



Ang $10 na Perang Papel →



Ang $5 na Perang Papel →

# ALAMIN ANG MGA TAMPOK NITO. MAGTIWALA NA TOTOO ITO.

# Ang $100 na Perang Papel

**Ang perang papel na $100 ay may kasama na dalawang natatanging advanced na tampok sa seguridad**— Ang 3-D security ribbon at ang kampana na nagbabago ng kulay sa inkwell. Inilabas noong 2013.

Alamin ang tungkol sa mga tampok sa seguridad at disenyo ng mga lumang disenyo ng $100 na perang papel:

- → 1996-2013
- → 1990-1996
- → 1914-1990




### Ⓐ 3-D na laso ng seguridad

Asul ang 3-D security ribbon at may mga larawan ng mga kampana at mga 100. Kapag ikiling mo ang perang papel nang pabalik-balik, ang mga kampana ay magiging 100s at gagalaw mula sa isang gilid patungo sa isa pa. Kapag ikiling mo ang perang papel mula sa isang gilid patungo sa isa pa, ang mga kampana ay magiging 100s at gumagalaw pataas at pababa. Ang 3-D security ribbon ay hinabi sa papel, hindi naka-print dito.

### Ⓑ Kampana sa inkwell

Ikiling ang perang papel upang makita ang nagbabagong kulay na kampana sa loob ng inkwell na tanso na nagbabago mula tanso patungong berde, isang epekto na nagpapakita na ang kampana ay lumilitaw at nawawala sa loob ng inkwell.

### Ⓒ Watermark ng larawan

Hawakan ang perang papel para maliwanagan at hanapin ang isang malabong imahe ni Benjamin Franklin sa blangkong espasyo sa kanan ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

### Ⓓ Color-shifting ink

Ikiling ang perang papel para makita ang numerong 100 sa kanang ibabang sulok ng harap ng perang papel na nagbabago mula tanso o copper patungong berde.

### Ⓔ Sinulid na pangseguridad

Itapat ang perang papel sa liwanag para makita ang naka-embed na sinulid na patayo sa kaliwa ng larawan. Ang sinulid ay may naka-imprintang mga letrang USA at ang numerong 100 sa salit-salit na disenyo at makikita mula sa magkabilang panig ng perang papel. Ang sinulid ay kumikinang na kulay rosas kapag nasisinagan ng ultraviolet light.

#### IBA PANG MGA TAMPOK SA SEGURIDAD

### Nakataas na pag-print

Igalaw ang iyong daliri pataas at pababa sa balikat ni Benjamin Franklin sa kaliwang bahagi ng perang papel. Dapat itong maging magaspang sa paghipo, isang resulta ng pinahusay na proseso ng intaglio printing na ginamit upang likhain ang imahe. Mararamdaman ang tradisyonal na nakataas na pag-imprenta sa buong perang papel na $100 at nagbibigay sa mga tunay na perang papel ng Federal Reserve ng kanilang natatanging pagkakayari.

### Microprinting

Tingnang mabuti (maaaring kailanganin ang pagpapalaki) upang makita ang maliit na nakalimbag na teksto na THE UNITED STATES OF AMERICA sa kwelyo ng dyaket ni Benjamin Franklin, USA 100 sa paligid ng blangkong espasyo na naglalaman ng watermark ng larawan, ISANG DAANG USA sa kahabaan ng gintuang quill o panulat, at maliliit na 100 sa mga hangganan ng perang papel.

# ALAMIN ANG MGA TAMPOK NITO. MAGTIWALA NA TOTOO ITO.

# Ang $50 na Perang Papel

**Ang perang papel na $50 ay may tatlong pangunahing tampok sa seguridad na madaling suriin** — isang security thread, portrait watermark, at color-shifting numeral na 50. Inilabas noong 2004.

Alamin ang tungkol sa mga tampok sa seguridad at disenyo ng mga lumang disenyo ng $50 na perang papel:

- → 1997-2004
- → 1990-1997
- → 1914-1990




**A** **Sinulid na pangseguridad**
Itapat ang perang papel sa ilaw para makita ang nakabaong sinulid na patayo sa kanan ng larawan. Ang sinulid ay may naka-imprentang teksto na USA 50 at isang maliit na bandila na salitan ang disenyo at makikita mula sa magkabilang panig ng perang papel. Ang sinulid ay kumikinang na dilaw kapag nasisikatan ng ultraviolet light.

**B** **Watermark ng larawan**
Itapat ang perang papel sa isang ilaw at hanapin ang isang malabong imahe ni Pangulong Grant sa blangkong espasyo sa kanan ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

**C** **Color-shifting ink**
Ikiling ang perang papel para makita ang numerong 50 sa kanang ibabang sulok sa harap ng perang papel na nagbabago mula tanso patungong berde.

IBA PANG MGA TAMPOK NG SEGURIDAD

### Nakataas na pag-print

Igalaw ang iyong daliri sa ibabaw ng perang papel upang damhin ang nakataas na pag-print, na siyang nagbibigay sa mga tunay na perang papel ng Federal Reserve ng kanilang natatanging tekstura.

### Microprinting

Tingnang mabuti (maaaring kailanganin ang pagpapalaki) upang makita ang maliit na nakalimbag na teksto na FIFTY, USA, at 50 sa loob ng dalawa sa mga asul na bituin sa kaliwa ng larawan, FIFTY na inuulit sa magkabilang gilid ng pera, at THE UNITED STATES OF AMERICA sa kwelyo ni Pangulong Grant.

# ALAMIN ANG MGA TAMPOK NITO. MAGTIWALA NA TOTOO ITO.

# Ang $20 na Banknote

**Ang perang papel na $20 ay may tatlong pangunahing tampok sa seguridad na madaling suriin** — isang security thread, portrait watermark, at color-shifting numeral na 20. Inilabas noong 2003.

Alamin ang tungkol sa mga tampok sa seguridad at disenyo ng mga lumang disenyo ng perang papel na $20:

- → 1998-2003
- → 1990-1998
- → 1914-1990




### A Sinulid na pangseguridad

Itapat ang perang papel sa liwanag para makita ang naka-embed na sinulid na patayo sa kaliwa ng larawan. Ang sinulid ay may naka-imprentang tekstong USA TWENTY at isang maliit na bandila na salitan ang disenyo at makikita mula sa magkabilang panig ng perang papel. Ang sinulid ay kumikinang na berde kapag tinapatan ng ultraviolet light.

### B Watermark ng larawan

Hawakan ang perang papel para maliwanagan at hanapin ang isang malabong imahe ni Pangulong Jackson sa blangkong espasyo sa kanan ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

### C Color-shifting ink

Ikiling ang perang papel para makita ang numerong 20 sa kanang ibabang sulok ng harap ng perang papel na nagbabago mula tanso patungong berde.

IBA PANG MGA TAMPOK NG SEGURIDAD

### Nakataas na pag-print

Igalaw ang iyong daliri sa ibabaw ng perang papel upang damhin ang nakataas na pag-print, na siyang nagbibigay sa mga tunay na perang papel ng Federal Reserve ng kanilang natatanging tekstura.

### Microprinting

Tingnang mabuti (maaaring kailanganin ang pagpapalaki) upang makita ang maliit na nakalimbag na teksto na USA20 sa gilid ng unang tatlong letra ng asul na TWENTY USA ribbon sa kanan ng larawan at ANG ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA 20 USA 20 na kulay itim sa gilid sa ibaba ng lagda ng Ingat-yaman.

# ALAMIN ANG MGA TAMPOK NITO. MAGTIWALA NA TOTOO ITO.

# Ang $10 na banknote

**Ang $10 na perang papel ay may tatlong pangunahing tampok sa seguridad na madaling suriin** — isang security thread, portrait watermark, at color-shifting numeral 10. Inilabas noong 2006.

Alamin ang tungkol sa mga tampok sa seguridad at disenyo ng mga lumang disenyo ng $10 na perang papel:

- → 2000-2006
- → 1990-2000
- → 1914-1990




**A** **Sinulid na pangseguridad**

Itapat ang perang papel sa ilaw para makita ang nakabaong sinulid na patayo sa kanan ng larawan. Ang sinulid ay may naka-imprentang tekstong USA TEN at isang maliit na bandila na salitan ang disenyo at makikita mula sa magkabilang panig ng perang papel. Ang sinulid ay kumikinang na kulay kahel kapag tinapatan ng ultraviolet light.

**B** **Watermark ng larawan**

Hawakan ang perang papel para maliwanagan at hanapin ang isang malabong imahe ni Kalihim Hamilton sa blangkong espasyo sa kanan ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

**C** **Color-shifting ink**

Ikiling ang perang papel para makita ang numerong 10 sa kanang ibabang sulok ng harap ng perang papel na naglilipat mula tanso patungong berde.

IBA PANG MGA TAMPOK NG SEGURIDAD

**Nakataas na pag-print**

Igalaw ang iyong daliri sa ibabaw ng perang papel upang damhin ang nakataas na pag-print, na siyang nagbibigay sa mga tunay na perang papel ng Federal Reserve ng kanilang natatanging tekstura.

**Microprinting**

Tingnan nang mabuti (maaaring kailanganin ang pagpapalaki) upang makita ang maliit na nakalimbag na teksto na THE UNITED STATES OF AMERICA at TEN DOLLARS USA sa ibaba ng larawan at sa loob ng mga gilid ng perang papel at USA 10 na inulit sa ilalim ng tanglaw.

# ALAMIN ANG MGA TAMPOK NITO. MAGTIWALA NA TOTOO ITO.

# Ang $5 na Perang Papel

**Ang perang papel na $5 ay may tatlong pangunahing tampok sa seguridad na madaling suriin** — isang hanay ng tatlong maliliit na watermark na may numerong 5, security thread, at malaking watermark na may numerong 5. Inilabas noong 2008.

Alamin ang tungkol sa mga tampok sa seguridad at disenyo ng mga lumang disenyo ng perang papel na $5:

- → 2000-2008
- → 1993-2000
- → 1914-1993




**A** **Maliit na watermark na may numerong 5**
Hawakan ang perang papel para maliwanagan at hanapin ang isang malabong imahe ng tatlong numerong 5 sa kaliwa ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

**B** **Sinulid na pangseguridad**
Itapat ang perang papel sa ilaw para makita ang nakabaong sinulid na patayo sa kanan ng larawan. Ang sinulid ay may naka-imprentang mga letrang USA at ang numerong 5 sa salit-salit na disenyo at makikita mula sa magkabilang panig ng perang papel. Ang sinulid ay kumikinang na asul kapag tinamaan ng ultraviolet light.

**C** **Watermark na may malaking numerong 5**
Hawakan ang perang papel para maliwanagan at hanapin ang malabong imahe ng isang malaking numerong 5 sa blangkong espasyo sa kanan ng larawan. Makikita ang imahe mula sa magkabilang panig ng perang papel.

IBA PANG MGA TAMPOK NG SEGURIDAD

### Nakataas na pag-print

Igalaw ang iyong daliri sa ibabaw ng perang papel upang damhin ang nakataas na pag-print, na siyang nagbibigay sa mga tunay na perang papel ng Federal Reserve ng kanilang natatanging tekstura.

### Microprinting

Tingnang mabuti (maaaring kailanganin ang pagpapalaki) upang makita ang maliit na nakalimbag na teksto na FIVE DOLLARS na inuulit sa loob ng kaliwa at kanang gilid ng pera, E PLURIBUS UNUM sa itaas ng kalasag sa loob ng Dakilang Tatak, at USA na inuulit sa pagitan ng mga hanay ng kalasag. Sa likod ng perang papel, ang tekstong USA FIVE ay makikita sa isang gilid ng malaking lilang numerong 5.

# Mga Tip para Makita ang Madaling Matukoy na mga Huwad na Perang Papel

## Tumingin sandali sa pera kapag natanggap mo na ito.




Kung mayroong banyagang sulat dito, maaaring huwad o peke ito.




Kung mayroon itong nakasulat na “For Motion Picture Use Only” o “Replica,” maaaring huwad ito.

Ang pinakamahusay na paraan upang matukoy kung ang isang perang papel ay tunay o totoo ay magtiwala sa mga tampok na pangseguridad nito. Kung sa tingin mo ay nakatanggap ka ng pekeng perang papel, sundin ang mga pamamaraan ng iyong organisasyon sa pag-uulat ng mga huwad na dokumento bago ipaalam sa pinakamalapit na tanggapan ng US Secret Service.

## Karagdagang Mapagkukunan ng Teller




### Kurso sa pagsasanay

Kunin ang aming online na kurso sa pagsasanay na idinisenyo upang tulungan ang mga teller na matutunan kung paano matukoy ang mga security feature sa pera ng U.S. Kung mas marami kang alam, mas maliit ang posibilidad na tumanggap ka ng mga pekeng perang papel.




### Mobile app para sa Cash Assist

Gamit ang mga kagamitan ng Cash Assist, matututunan mong mabilis na mahanap at maunawaan ang mga tampok sa seguridad ng perang hawak mo. Gamitin ang camera, accelerometer, at higit pa ng iyong telepono para matulungan kang magdesisyon.




### Website ng edukasyon sa pera ng US

Bisitahin **ang uscurrency.gov** para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan ng pagsasanay sa pagpapatunay ng kasalukuyan at mas lumang mga estilo ng pera ng US.




### Pag-uulat ng pekeng

Para sa karagdagang impormasyon kung paano iulat ang huwad na pera, bisitahin **ang uscurrency.gov/report-counterfeit.**

Gupitin ang reference card na ito, itupi ito sa gitna, at itago ito na malapit lang sa iyo para sa mabilisang gabay sa pag-authenticate ng pera ng US.

U.S. CURRENCY
EDUCATION PROGRAM

# Alamin ang mga katangian nito. Magtiwala na tunay ito.



Damhin ang papel



Ikiling ang perang papel



Suriin gamit ang liwanag



## Damhin ang papel

Igalaw ang iyong daliri sa buong perang papel. Dapat itong maging bahagyang magaspang sa paghipo bilang resulta ng proseso sa pag-imprenta at ng kakaibang komposisyon ng papel.



## Ikiling ang perang papel

Ikiling ang perang papel upang makita ang pagbabago ng kulay ng tinta sa mga numero sa kanang sulok sa ibaba. Sa kasalukuyang estilo ng mga perang papel, ang kulay ay dapat magbago mula sa kulay na tanso o copper patungo sa berde.

- Ang tinta na nagbabago ng kulay ay lumalabas sa mga denominasyong $10 at pataas.
- Ang kasalukuyang estilong $100 na perang papel ay may kasamang dalawang karagdagang tampok sa seguridad na maaari mong suriin sa pamamagitan ng pagkiling nito: isang kampana na nagbabago ng kulay sa inkwell at isang 3-D security ribbon. Ang 3-D security ribbon ay naglalaman ng mga larawan ng mga kampana at 100s na gumagalaw habang ikiniling mo ang perang papel.



## Suriin gamit ang liwanag

Itapat ang perang papel sa liwanag para makita ang watermark at security thread mula sa harap at likod ng perang papel.

- Ang security thread ay nasa iba't ibang lokasyon sa bawat denominasyon na $5 at mas mataas.
- Ang mga watermark sa mga perang papel na $10, $20, $50, at $100 ay dapat tumugma sa larawan sa harap ng perang papel. Ang perang papel na $5 ay may mga watermark na may numerong 5.

Bisitahin ang uscurrency.gov para sa karagdagang impormasyon at pagsasanay sa mga mapagkukunan sa pagpapatunay ng kasalukuyan at mas lumang mga estilo ng pera ng U.S.

Maging pamilyar sa mga pamamaraan ng pag-uulat ng mga pekeng pera ng iyong organisasyon, at sundin ang mga pamamaraang iyon kung hindi ka sigurado kung ang perang papel na iyong hinahawakan ay tunay na pera ng U.S. Maaaring kabilang sa mga pamamaraan ang pag-abiso sa iyong tagapamahala, pag-abiso sa iyong kinatawan sa pag-iwas sa pagkalugi, o pagtawag sa iyong lokal na awtoridad sa pagpapatupad ng batas.

Gupitin ang reference card na ito, itupi ito sa gitna, at itago ito na malapit lang sa iyo para sa mabilisang gabay sa pag-authenticate ng pera ng US.

## Mga Tip para Makita ang Madaling Matukoy na mga Huwad na Perang Papel

Sumulyap sandali sa pera kapag natatanggap mo ito.

U.S. CURRENCY EDUCATION PROGRAM

Kung mayroong banyagang sulat dito, maaaring huwad o peke ito.



Kung mayroon itong mga salita "Para sa Gamit ng Pelikula Lamang" o ang salitang "Replica" na nakadikit dito, maaaring huwad o peke ito.



Ang pinakamahusay na paraan upang matukoy kung ang isang perang papel ay tunay o totoo ay magtiwala sa mga tampok na pangseguridad nito. Kung sa tingin mo ay nakatanggap ka ng palsipikadong perang papel, ipaalam sa pinakamalapit na US Secret Service Field Office o bisitahin ang **uscurrency.gov/report-counterfeit.**

U.S. CURRENCY EDUCATION PROGRAM

## **Totoo ba ito?** Alamin ang iyong mga perang papel.



### Damhin ang papel

Igalaw ang iyong daliri sa buong perang papel. Dapat itong maging bahagyang magaspang sa paghipo bilang resulta sa proseso ng pag-iimprenta at ng kakaibang komposisyon ng papel.



### Ikiling ang perang papel

Ikiling ang perang papel para makita ang tinta o ink sa mga numero sa kanang ibabang sulok na nagbabago ng kulay. Sa kasalukuyang estilo ng mga perang papel, ang kulay ay dapat magbago mula tanso o copper patungong berde.



### Suriin gamit ang liwanag

Hawakan ang perang papel sa liwanag para masigurado na ang watermark at ang sinulid na pangseguridad ay makikita mula sa harap at likod ng perang papel.

Bisitahin ang **uscurrency.gov** para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan ng pagsasanay sa pagpapatunay ng kasalukuyan at mas lumang mga estilo ng pera ng U.S.